

Kung may pagdududa o anumang pagkakaiba sa pagitan ng pagsasalin at orihinal na teksto sa wikang Ingles/Tsino, mananaig ang teksto sa wikang Ingles/Tsino.

KALUSUGAN SA PANANALAPI

Pamamahala ng iyong credit

Mahalaga sa iyo ang pamamahala ng credit. Pinapadali ng credit ang buhay sa pamamagitan ng pagbibigay sa iyo ng kakayahang umangkop sa pangangailangan mo. Kung magbabakasyon ka man, bibili, o humaharap sa isang sitwasyong pang-emergency, maaaring magkaroon ng mahalagang papel ang credit sa iyong buhay. At tinitiyak ng matalinong pamamahala sa iyong credit na magkakaroon ka ng credit kapag gusto mo ito.

Mahalaga ang pagpapanatili ng isang magandang profile ng credit sa paglipas ng panahon. Dahil karamihan sa mga nagpapautang ang nag-uulat ng iyong aktibidad sa account sa mga ahensya ng sanggunian sa credit ayon sa pinahihintulutan ng naaangkop na Code of Practice sa Consumer Credit Data, pinapahusay ng isang magandang tala ng credit ang iyong kabuuang pinansyal na katangian at pangkalahatang profile sa credit. Sa susunod na mag-apply ka para sa isang pautang para sa sasakyan o isang pautang para sa mortgage, matutuwa ka na ginawa mo ito.

Mabisang hahantong ang pamamahala sa iyong credit sa higit pang personal na pagpipilian at higit na kalayaang pinansyal, ngunit may kasama rin itong responsibilidad na gumawa ng matatalinong pagdedesisyon.

Pagpapahusay ng iyong pinansyal na kalusugan

Narito ang ilang tip para sa pagpapanatili ng kontrol sa iyong mga gawaing pampinansyal at gawing kapaki-pakinabang ang credit para sa iyo, hindi laban sa iyo.

- Magpanatili ng isang badyet. Tiyaking alam mo kung ano ang pumapasok at kung ano ang lalabas. Sa ganoong paraan ay maiiwasan mo ang hindi magagandang sorpresa.
- Iwasan ang impulse buying o ang pagbili ng mga bagay kahit hindi naman kailangan. Kung kailangan mong bayaran ito ng cash, bibili ka ba?
- "Mamili sa paligid" bilang isang gawi. Huwag kailanman kumuha ng anumang uri ng credit - nang walang paghahambing ng mga gastos at halaga sa iba pang uri ng magagamit na credit.
- Palaging basahin at unawain ang mga tuntunin at kondisyon ng pasilidad sa credit bago ka pumirma sa aplikasyon.
- Mag-ingat sa pag-co-sign ng isang pautang o paggarantiya sa isang utang para sa iba. Tandaan na maaaring humantong na ikaw na ang tatapos ng pagbabayad ng

utang kung nabigo ang nanghiram na gawin ito. Tanungin ang nanghihiram kung ano ang mga tuntunin ng utang, kung ano ang kanyang kita at sa pangkalahatan ay dapat makumbinsi ang iyong sarili na ang nanghihiram ay may paraan para bayaran ang utang. Alamin ang mga kaugnay na panganib para makagawa ka ng isang may kaalaman at matalinong desisyon.

- Gumamit ng credit nang may pag-iingat. Dapat mong suriin ang iyong kakayahan sa pagbabayad at iwasan ang labis na paghiram (hiramin lamang kung may kakayanan kang magbayad). Bago mag-apply para sa anumang pautang, mayroon ka bang malinaw na pag-unawa sa iyong kalagayang pampinansyal, pang-araw-araw na gastos at mga tunay na pangangailangan sa paghiram? Gumagamit ka ba ng tamang uri ng credit para sa iyong hangarin? Gumagamit ka ba ng mas mahal na paraan ng credit kaysa kinakailangan? Ilan nga ba ang mga credit card na talagang kailangan mo? Ginagamit mo lang ba sila dahil mayroon ka ng mga ito?

Pagpaplano sa pananalapi

Kung iniisip mo ang tungkol sa pagtitipid para sa hinaharap, pagbili ng bahay o pagreretiro, makipag-usap sa iyong mga bangko o bisitahin ang kanilang mga website na nagbibigay ng payo at mga tool sa pagpaplano. Marami sa mga website na ito ay naka-link sa website ng Hong Kong Association of Banks (<http://www.hkab.org.hk>). Dagdag pa, maaari kang makahanap ng mga katulad na kapaki-pakinabang na tool at impormasyon mula sa website ng Investor at Financial Education Council sa <https://www.ifec.org.hk/web/en/>.

Mga Palatandaan ng Panganib

Ang mga problemang pampinansyal, mula sa mataas na utang sa credit card hanggang sa default sa muling pagbabayad ng mortgage sa bahay, ay hindi nangangahulugang resulta ng hindi magandang pamamahala sa pananalapi. Minsan, hindi mo makontrol ang mga sitwasyong pampinansyal. Anuman ang sanhi, maaaring makaapekto ang pagkabalisa tungkol sa mga problema sa pera sa iyong buhay sa trabaho at buhay ng pamilya.

Kadalasan, maaaring hindi mo makita ang mga palatandaan ng isang problemang pampinansyal hanggang sa huli na. Ngunit ang mga personal na krisis sa pananalapi ay hindi nagaganap nang magdamag. Maraming babalang palatandaan na nagpapahiwatig na maaaring mawalan ng kontrol sa mga problema sa utang.

Halimbawa, ikaw ba ay:

- Regular na nagbabayad lamang ng minimum na halagang dapat bayaran sa iyong mga bayarin?
- Pinagsasama-sama ang mga utang sa pamamagitan ng paghiram mula sa isang nagpapautang nang may mataas na interes?

- Nakikitang nagiging imposibleng makatipid ng pera o napapanahong mabayaran ang iyong pang-araw-araw na gastos mula sa iyong pagtipid?
- Nanghihiram mula sa mga kaibigan at kamag-anak para mabayaran ang pangunahing gastos?

Kung "oo" ang sagot mo sa alinman sa mga taong na ito, maaaring patungo ka sa malubhang problemang pampinansyal.

Makayanan ang mga kahirapan sa pananalapi

Walang madaling paraan para makawala sa utang. NIsang madaling paraan para mapalaya ang sarili sa pagkakautang ang pagdedeklara ng bankruptcy. Gayunpaman, hindi ganoon kadaling makamit ang pagka-bankrupt at dapat itong maging huling paraan para malutas ang mga problemang pampinansyal. Ang totoo, maiiwasan ang maraming bankruptcy, kasama ang stigma na nakakabit sa kanila. Narito ang ilang posibleng kahalili:

Ikaw mismo ang umayos nito:

- Maaari mong malutas ang iyong problema sa utang sa pamamagitan lamang ng mas maingat na pamamahala ng iyong pera. Maghanap ng mga pagkakataon na puwede mong bawasan ang paggastos, at gamitin ang perang iyon para bawasan ang iyong utang.
- Mag-ayos ng pondo o estruktura ng iyong utang sa bahay, kotse o personal para mabawasan ang mga bayarin.
- pag-isipang magkaroon ng part-time na trabaho para sa iyo o sa iyong asawa.

Kausapin ang mga nagpapahiram sa iyo:

- Dapat mong tawagan muna ang mga nagpapahiram sa iyo. Mas madaling malutas ang mga problema sa utang kung kumilos ka nang maaga at kumuha ng payo. Maiipon lang ang problema sa pag-aantala.
- Kapag may tunay na pinansyal na paghihirap, nasa interes ng nagpapahiram, at interes mo, ang paghanap ng solusyon. Maaaring magbigay ang mga nagpapahiram ng palugit sa iyong panahon ng pagbabayad, o kung may utang ka sa higit sa isang nagpapahiram, tulungan kang makipagtulungan sa iba pang nagpapahiram sa iyo para ihinto ang mga aktibidad sa pagkolekta ng utang at pagsamahin o muling i-finance ang iyong utang.

Plano sa interbank na tulong sa utang

Kung may utang ka sa maraming nagpapautang sa pananalapi, maaari kang humiling ng isang plano sa interbank na tulong sa utang sa mga pinansyal na nagpapautang sa iyo. Magtutulongan sila at magpapasya kung ang makakabuo ng isang panukala, na

may layuning payagan kang magkaroon ng isang badyet para sa sambahayan para mabuhay habang pinagsisikapang mapakinabangan ang iyong mga magagamit na pinansyal na mapagkukunan patungo sa ganap na pagbabayad ng mga balanse na inutang.

Makakatulong sa iyo ang isang plano sa interbank na tulong sa utang na:

- Muling pag-usapan ang buwanang pagbabayad at mga tuntunin ng iyong hindi siguradong pagbabayad ng utang, nang hindi nakakakuha ng anumang bayarin o singil;
- Pagsamahin ang mga pagbabayad na ito at bayaran ang mga ito bilang isang solong buwanang hulugan;
- Iwasan ang pagkilos mula sa mga ahente ng koleksyon, mga garnishment sa sahod, o legal na pagkilos;
- Maiwasan ang bankruptcy at mga kaugnay na problema ng mga may utang tulad ng kahirapan sa pagkuha ng credit sa hinaharap, mga paghihigpit sa pagbibiyaha, atbp.;
- Makabalik tungo sa katatagan sa pananalapi; at
- Bumuo ng isang positibong track record ng credit sa hinaharap.

Kung nangangailangan, bilang unang hakbang, dapat mong simulan ang pakikipag-ugnayan sa isa sa iyong mga pangunahing pinansyal na nagpapautang. Sa paunang pakikipagpulong sa iyo, ipapaliwanag sa iyo ng pinansyal na nagpapautang ang prosesong sangkot, at kung anong impormasyon at mga dokumento ang hihilingin sa iyong ibigay sa mga pinansyal na nagpapautang nang may pahintulot mo. Kung sumang-ayon ang isang pinansyal na nagpapautang sa isang plano sa interbank na tulong sa utang, bibigyan ka ng oras para suriin at magpasya kung tatanggapin ang panukala.

"Maaring maging mas mainam para sa iyo ang plan osa interbank na tulong sa utang kaysa bankruptcy!"

Bankruptcy

Isa pa ring pagpipilian ang paghahain ng bankruptcy na maaari , at dapat lamang, na maging solusyon sa sandaling maubos mo ang lahat ng alternatibo sa itaas. Sa sandaling malaman mo ang iyong katayuan sa bankruptcy, ititigil ng iyong mga nagpapautang ang kanilang mga aktibidad sa pagkolekta ng utang at hihirangin ang isang tagapangasiwa sa bankruptcy para suriin ang iyong pinansyal na katayuan at subaybayan ang iyong mga pinansiyal na gawain hanggang sa nananatili kang hindi pa nakakabayad. Gayunpaman, hindi masyadong kanais-nais ang pagpipiliang ito pagdating sa credit at mayroong gastos. Isang kawalan nito na makikita ito sa iyong ulat ng credit sa mahabang panahon. Isa pang kawalan ang maaari kang mahirapang makakuha ng financing sa hinaharap at lalo na, maaari kang mahirapan sa pagkuha ng

mga credit card, consumer finance o pagbili ng isang pag-aari sa pamamagitan ng mortgage finance.

Mga madalas itanong tungkol sa bankruptcy

Ano ang dapat kong gawin para maghanda para sa pag-file ng bankruptcy?

Maipapayo na kumunsulta sa iyong mga bangko o mgapinansyal o legal na tagapayo bago magpasya. Matutulungan ka nila na suriin ang iyong pinansyal na katayuan at ibigay ang mga katotohanan na makakatulong sa iyo sa pagpapasya kung bankruptcy ang pinakamahusay na opsyon para sa iyo. Mahalagang banggitin ang ilang tiyak na item:

- Kung balak mong maghain ng bankruptcy, dapat mong ihinto ang paggamit ng iyong mga credit card. Kung humiram ka ng pera bago ang bankruptcy kasama ang tiyak na hangarin na maalis ang utang sa bankruptcy sa halip na bayaran ito, maaaring hindi maalis ang utang. Sa ilang sitwasyon, maaaring nagkasala ka ng pandaraya.
- Huwag ilipat ang iyong mga pag-aari sa mga kaibigan, pamilya at kasamahan sa negosyo para protektahan ang mga pag-aari mula sa iyong mga pinagkakautangan. Ang paglipat ay maaaring maituring na panlilinlang. Kung gayon nga, maaari kang mawala ang iyong mga assets at ang iyong karapatan na lumabas sa pagkabangkarote. Gayundin, maaaring nakagawa ka ng isang kriminal na pagkakasala.
- Huwag sirain ang anumang tala ng negosyo o pampinansyal. Maaari mong mawala ang iyong karapatan sa paglabas sa bankruptcy bilang resulta at maaaring nakagawa ka ng isang kriminal na pagkakasala.

Ano ang mga kahihinatnan ng isang kautusan sa bankruptcy?

Marami ang kahihinatnan at kasama rito ang:

- Ikaw, bilang may utang, ay kinakailangang isiwalat sa korte ang lahat ng iyong pag-aari at utang at ibigay ang lahat ng non-exempt assets sa katiwala, na pagkatapos ay iko-convert ito sa cash para ipamahagi sa iyong mga pinagkakautangan.
- Maaari ding hilingin sa iyo na gumawa ng mga kontribusyon mula sa iyong personal na kita para sa benepisyo ng iyong mga pinagkakautangan.
- Kung pagmamay-ari mo ang iyong bahay, maaaring kailanganin mo itong ipagbili para bayaran ang iyong mga utang.
- Maaari mong ipagbigay-alam sa tagapangasiwa na gusto mong umalis sa Hong Kong at bumalik sa Hong Kong kapag hiniling ng tagapangasiwa.
- Dapat mong ihinto kaagad ang paggamit ng iyong mga credit card, pati na rin ang mga account na hawak sa mga bangko at iba pang institusyong pampinansyal.

Gayunpaman, sa pahintulot ng Pansamantalang Tagapangasiwa/Tagapangasiwa, maaari mong buksan ang isang solong account para sa pagtanggap ng kita.

- Hindi ka maaaring makakuha ng credit na HK \$100 o higit pa nang hindi pinapayuhan ang pinagkakautangan na hindi ka nakalabas sa pagka-bankrupt.
- Maaaring hindi ka maging kuwalipikadona humawak ng ilang pampublikong posisyon at kumilos bilang isang direktor ng kompanya nang walang pahintulot ng korte.
- Maaari kang tumigil na maging karapat-dapat para sa iyong partikular na trabaho.
- Ang bankruptcy ay mananatili sa iyong ulat ng credit sa loob ng 8 taon at kung minsan ay mas mahaba pa. Bilang resulta, maaari kang mahirapan sa pagkuha ng creditsa hinaharap. Anumang credit na nakukuha mo ay malamang na mas maging magastos sa iyo batay sa mga tuntunin ng mga rate ng interes at siningil na bayarin

Malalaman ba ng aking employer ang tungkol sa aking bankruptcy?

Ang bankruptcy ay isang pampublikong record. Dagdag dito, sa ilang pangyayari, maaaring hingin sa iyo na ibunyag sa iyong mga employer ng mayroon kang kasalukuyan o nakaraang bankruptcy sa mga aplikasyon sa trabaho.

Kailangan ko bang ibunyag sa korte ang lahat ng aking mga pag-aari?

Oo. Kung sinadya o mapanlinlang mong itinago mula sa korte ang isang pag-aari, nakagawa ka ng isang kriminal na pagkakasala at maaaring ipakulong ng korte. Dagdag pa, maaaring suspindihin ng korte ang iyong paglabas mula sa bankruptcy sa loob ng karagdagang 4 na taon.

Awtomatiko ba akong makakalaya pagkatapos ng 4 na taon?

Sa mga karaniwang sitwasyon, ang paglabas mula sa bankruptcy ay nangyayari pagkatapos ng 4 na taon. Gayunpaman, ang pagtatapos nito ay hindi awtomatikong nangyayari. Sa ilang sitwasyon, maaaring tutulan ng mga nagpapautang ang iyong paglabas at ang panahon ng pagkalugi ay maaaring mabigyan ng palugit hanggang sa 8 taon.

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan

THE HONG KONG ASSOCIATION OF BANKS

Room 525, Prince's Building,
Central, Hong Kong

Tel: 2521 1169 Fax: 2868 5035

Email: info@hkab.org.hk

THE DTC ASSOCIATION

Unit 1704, 17/F., Bonham Trade Centre,
50 Bonham Strand East,
Sheung Wan, Hong Kong
Tel: 2526 4079 Fax: 2523 0180
Email: dtca@dtca.org.hk

THE HONG KONG S.A.R. LICENSED MONEY LENDERS ASSOCIATION LTD.

21/F., Allied Kajima Building,
138 Gloucester Road,
Wanchai, Hong Kong
Tel: 2827 8281 Fax: 2827 8292
Email: enquiry@lmla.com.hk

HONG KONG MONETARY AUTHORITY

55/F., Two IFC,
8 Finance Street,
Central, Hong Kong
Tel: 2878 8196 Fax: 2878 8197
Email: publicenquiry@hkma.gov.hk

CONSUMER COUNCIL

22/F., K. Wah Centre,
191 Java Road,
North Point, Hong Kong
Tel: 2856 3113 Fax: 2856 3611
Email: cc@consumer.org.hk

Magkakasamang ipinalabas ng Hong Kong Association of Banks, ng DTC Association at ng Hong Kong S.A.R. Licensed Money Lenders Association at itinataguyod ng Hong Kong Monetary Authority. Inaanyayahan ng Consumer Council ang mga pagsisikap ng industriya na ipagbigay-alam sa mga mamimili ang mga problema ng hindi nababayaranang pagkakautang at tinatanggap ang promosyon para sa kamalayan ng publiko tungkol sa kahalagahan ng pinansyal na kalusugan.